



SFHP Care Plus (HMO D-SNP), isang Medicare Medi-Cal Plan

Taunang Abiso ng Pagbabago para sa 2027

sfhp.org/tl/careplus-members

SFHP Care Plus (HMO D-SNP) na iniaalok ng San Francisco Health Plan

Taunang Abiso ng Pagbabago para sa 2027

Panimula

Kasalukuyan kang nakatala bilang miyembro ng aming plano. Sa susunod na taon, magkakaroon ng ilang pagbabago sa aming mga benepisyo, saklaw, panuntunan, at gastos. Ipinapaalam sa iyo ng *Taunang Abiso ng Pagbabago* na ito ang tungkol sa mga pagbabago at kung saan makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ito. Para makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga gastos, benepisyo, o panuntunan, mangyaring basahin ang *Handbook ng Miyembro*, na matatagpuan sa aming website sa sfhp.org/tl/careplus-members. Tawagan ang Serbisyo sa Customer sa numerong nasa ibaba ng pahina para makakuha ng kopya sa pamamagitan ng mail. Makikita ang mga pangunahing katawagan at kahulugan ng mga ito nang magkakasunod ayon sa alpabeto sa huling kabanata ng iyong *Handbook ng Miyembro*.

Mga karagdagang sanggunian

- Available ang dokumentong ito nang libre sa English, Chinese (Traditional), Espanyol, Vietnamese, Russian, at Tagalog.
- Maaari mong makuha ang Taunang Abiso ng Pagbabago nang libre sa ibang format, gaya ng malalaking titik, braille, o audio. Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre.
- Mangyaring tawagan ang Serbisyo sa Customer ng SFHP:
 - Para humiling ng mga materyales sa mas gustong wika maliban sa Ingles at/o alternatibong format,
 - Para magsumite ng pangmatagalang kahilingan para sa mga susunod na pagpapadala ng mail at komunikasyon o baguhin ang isang pangmatagalang kahilingan para sa mas gustong wika at/o format.

OMB Approval 0938-1444 (Expires: 5/31/2029)



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Abiso Tungkol sa Pagiging Available ng Mga Serbisyo ng Tulong sa Wika at

ENGLISH - ATTENTION: If you need help in your language, call **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**. Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**. These services are free.

العربية (ARABIC) - يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**. تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**. هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն (ARMENIAN) - ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**: Կան նաև օժանդակ փնջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**: Այս ծառայություններն անվճար են:

ខ្មែរ (CAMBODIAN) - ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់ អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាច រកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**។ សេវាកម្មទាំងនេះគឺឥតគិតថ្លៃ។



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa **1(833) 530-7327 (TTY: 711)**. Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

简体中文标语 (CHINESE - SIMPLIFIED) - 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)。这些服务是免费的。

繁體中文 (CHINESE - TRADITIONAL) - 請注意：如果您需要以您的母語提供幫助，請致電 **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)。另外還提供針對殘障人士的說明和服務，例如盲文和需要較大字體閱讀，也是方便取用的。請致電 **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)。這些服務是免費的。

فارسی (FARSI) - توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با **1(833) 530-7327** (TTY: **711**) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **1(833) 530-7327** (TTY: **711**) تماس بگیرید. این خدمات رایگان هستند.

हिंदी (HINDI) - ध्यान दें: यदि आपको अपनी भाषा में मदद चाहिए, तो **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)। विकलांग लोगों के लिए सहायता और सेवाएँ, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में दस्तावेज़ भी उपलब्ध हैं। **1(833) 530-7327** (TTY: **711**)। ये सेवाएँ निःशुल्क हैं।

HMOOB (HMONG) - CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Cov kev pabcuam no pub dawb.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

日本語 (JAPANESE) - 注記: あなたの言語でサポートが必要な場合は、**1(833) 530-7327** (TTY: **711** までお電話ください)。また、点字や大きな活字で作成したドキュメントなど、障害をお持ちの方のための補助やサービスもご利用いただけます。**1(833) 530-7327** (TTY: **711** までお電話ください)。これらのサービスは無料です。

한국어 (KOREAN) - 주의: 자국어로 도움이 필요한 경우, **1(833) 530-7327** (TTY: **711** 으로 전화하십시오). 점자 및 큰 글씨로 된 문서 등 장애인을 위한 보조 도구와 서비스도 제공됩니다. **1(833) 530-7327** (TTY: **711** 으로 전화하십시오). 이러한 서비스는 무료입니다.

ພາສາລາວ (LAO) - ຂໍຄວນລະວັງ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ, ໃຫ້ໂທຫາ **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). ການຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການເຊັ່ນ: ເອກະສານທີ່ເປັນຕົວອັກສອນນູນ ແລະ ຕົວພິມຂະໜາດໃຫຍ່ ແມ່ນຍັງມີຢູ່. ໂທ **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນຟຣີ.

MIEN (MIEN) - LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Naaiv deix gong benx wangv henh tengx oc.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

ਪੰਜਾਬੀ (PUNJABI) - ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1(833) 530-7327** (TTY: **711** 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ)। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1(833) 530-7327** (TTY: **711** 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

РУССКИЙ (RUSSIAN) - ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1(833) 530-7327** (линия TTY: **711**). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1(833) 530-7327** (линия TTY: **711**). Эти услуги являются бесплатными.

ESPAÑOL (SPANISH) - ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Estos servicios son gratuitos.

TAGALOG (TAGALOG-FILIPINO) - ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Libre ang mga serbisyong ito.

ภาษาไทย (THAI) - โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1(833) 530-7327** (TTY: **711**) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1(833) 530-7327** (TTY: **711**) บริการไม่มีค่าใช้จ่ายใด ๆ



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

УКРАЇНСЬКОЮ (UKRAINIAN) - УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Ці послуги є безкоштовними.

TIẾNG VIỆT (VIETNAMESE) - CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1(833) 530-7327** (TTY: **711**). Những dịch vụ này đều là miễn phí.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Talaan ng Mga Nilalaman

A. Mga disclaimer	8
B. Pagsusuri sa iyong saklaw ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon	8
B1. Impormasyon tungkol sa SFHP Care Plus	9
B2. Mahahalagang bagay na dapat gawin.....	9
C. Mga pagbabago sa aming mga provider at parmasya sa network	11
D. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon	11
D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa mga serbisyong medikal.....	11
D2. Mga pagbabago sa saklaw ng gamot.....	14
E. Pagpili ng plano.....	18
E1. Pananatili sa aming plano	18
E2. Pagpapalit ng mga plano	18
F. Paghingi ng Tulong	24
F1. Ang aming plano.....	24
F2. Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP).....	25
F3. Ombudsman Program	25
F4. Medicare	25
F5. California Department of Managed Health Care	26



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

A. Mga Disclaimer

- Ang SFHP Care Plus (HMO D-SNP) ay isang Organisasyon ng Medicare Advantage na may mga kontrata sa Medicare at Medi-Cal. Nakadepende ang pagpapatala sa SFHP Care Plus sa pag-renew ng kontrata.
- Walang obligasyon ang mga provider na wala sa network/hindi nakakontratang provider na gamutin ang mga miyembro ng SFHP Care Plus, maliban sa mga emergency na sitwasyon. Tumawag sa aming Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus o tingnan ang iyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon, kabilang ang pagbabahagi sa gastos na nalalapat sa mga serbisyong wala sa network.

B. Pagsusuri sa iyong saklaw ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon

Mahalagang suriin ang iyong saklaw ngayon para matiyak na matutugunan pa rin nito ang iyong mga pangangailangan sa susunod na taon. Kung hindi nito natutugunan ang iyong mga pangangailangan, maaari kang umalis sa aming plano. Sumangguni sa **Seksyon D** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa iyong mga benepisyo para sa susunod na taon.

Kung pipiliin mong umalis sa aming plano, magtatapos ang iyong pagiging miyembro sa huling araw ng buwan kung kailan ginawa ang iyong kahilingan. Mananatili ka pa rin sa mga programang Medicare at Medi-Cal hangga't kwalipikado ka.

Kung aalis ka sa aming plano, puwede kang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong:

- Mga opsyon sa Medicare sa talahanayan sa **Seksyon E2**.
- Mga opsyon at serbisyo sa Medi-Cal sa **Seksyon E2**.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

B1. Impormasyon tungkol sa SFHP Care Plus

- Ang SFHP Care Plus ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal para magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga miyembro.
- Kapag sinasabi sa *Taunang Abiso ng Pagbabago* na ito ang “kami,” “amin,” “namin,” o “aming plano,” ang ibig sabihin nito ay ang Medicare Medi-Cal Plan.

B2. Mahahalagang bagay na dapat gawin

- **Suriin kung may anumang pagbabago sa aming mga benepisyo at gastos na maaaring makaapekto sa iyo.**
 - Mayroon bang anumang pagbabago na nakakaapekto sa mga serbisyong ginagamit mo?
 - Suriin ang mga pagbabago sa benepisyo at gastos para matiyak na gagana ang mga ito para sa iyo sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon D1** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa benepisyo at gastos para sa aming plano.
- **Suriin kung may anumang pagbabago sa aming saklaw ng gamot na maaaring makaapekto sa iyo.**
 - Saklaw ba ang mga gamot mo? Maaari mo bang gamitin ang parehong parmasya? Magkakaroon ba ng anumang pagbabago tulad ng paunang pahintulot, step therapy, o mga limitasyon sa dami?
 - Suriin ang mga pagbabago para matiyak na gagana para sa iyo ang aming saklaw ng gamot sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon D2** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming saklaw ng gamot.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

- **Tingnan kung kabilang pa rin sa aming network ang iyong mga provider at parmasya sa susunod na taon.**
 - Kasama ba sa aming network ang iyong mga doktor, kasama na ang iyong mga espesyalista? Paano naman ang iyong parmasya? Paano naman ang mga ospital o iba pang provider na ginagamit mo?
 - Sumangguni sa **Seksyon C** para sa impormasyon tungkol sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.
- **Isipin ang iyong kabuuang gastos sa plano.**
 - Paano maihahambing ang kabuuang gastos sa iba pang opsyon sa saklaw?
- **Isipin kung nasisiyahan ka ba sa aming plano.**

Kung magpasya kang manatili sa SFHP Care Plus:

Kung gusto mong manatili sa amin sa susunod na taon, madali lang – wala ka nang kailangang gawin. Kung wala kang gagawing pagbabago, awtomatiko kang mananatiling nakatala sa SFHP Care Plus.

Kung magpasya kang magpalit ng plano:

Kung magdesisyon kang mas makakatugon sa iyong mga pangangailangan ang ibang saklaw, maaari kang magpalit ng plano (sumangguni sa **Seksyon E2** para sa higit pang impormasyon). Kung magpapatala ka sa isang bagong plano, o lilipat sa Original Medicare, magsisimula ang iyong bagong saklaw sa unang araw ng susunod na buwan.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

C. Mga pagbabago sa aming mga provider at parmasya sa network

Wala kaming ginawang anumang pagbabago sa aming network ng mga provider at parmasya para sa susunod na taon.

Gayunpaman, mahalagang malaman mo na maaari kaming gumawa ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung aalis ang iyong provider sa aming plano, mayroon kang ilang partikular na karapatan at proteksyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 3** ng iyong *Handbook ng Miyembro*.

Mangyaring suriin ang Direktoryo ng Provider at Parmasya sa 2027 para malaman kung ang iyong mga provider (provider ng pangunahing pangangalaga, mga espesyalista, ospital, atbp.) o ang parmasya ay nasa aming network. Matatagpuan ang na-update na *Direktoryo ng Provider at Parmasya* sa aming website sa sfhp.org/tl/careplus-members. Maaari mo ring tawagan ang Serbisyo sa Customer ng SFHP sa mga numero sa ibaba ng pahina para sa na-update na impormasyon ng provider o para hilingin sa amin na ipadala sa iyo ang isang *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.

Mahalagang malaman mo na maaari din kaming gumawa ng mga pagbabago sa aming network sa taong ito. Kung aalis ang iyong provider sa aming plano, mayroon kang ilang partikular na karapatan at proteksyon. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 3** ng iyong *Handbook ng Miyembro* o tumawag sa Serbisyo sa Customer sa numerong nasa ibaba ng pahina para sa tulong.

D. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa susunod na taon

D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at gastos para sa mga serbisyong medikal

Babaguhin namin ang aming saklaw para sa ilang partikular na serbisyong medikal at kung magkano ang babayaran mo para sa mga saklaw na serbisyong medikal na ito sa susunod na taon. Inilalarawan ng talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

	2026 (ngayong taon)	2027 (susunod na taon)
Mga Inireresetang Gamot	Magbabayad ka ng \$0–\$12.65 na copay para sa mga saklaw na inireresetang gamot.	Magbabayad ka ng \$0 na copay para sa lahat ng saklaw na inireresetang gamot.
Pandaigdigang Emergency/ Mga Serbisyo sa Agarang Pangangalaga	Pandaigdigang Emergency/ Mga Serbisyo sa Agarang Pangangalaga ay hindi saklaw	Magbabayad ka ng \$0 na copay para sa saklaw na Pandaigdigang Emergency/Mga Serbisyo sa Agarang Pangangalaga kapag wala ka sa lugar na pinagseserbisyuhan ng 6 na buwan o mas maikli pa. Limitado ang benepisyong ito sa \$50,000 kada taon. Sumangguni sa Kabanata 4 ng <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa higit pang impormasyon.
Over-the-Counter (OTC) na Allowance	Makakatanggap ka ng \$150 na OTC na allowance kada quarter para bumili ng mga over-the-counter na item na para sa kalusugan at kagalingan. Awtomatikong ilalagay ang mga pondo sa flex card ng SFHP Care Plus.	Makakatanggap ka ng \$90 na OTC na allowance kada buwan para bumili ng mga over-the-counter na item para sa kalusugan at kagalingan. Awtomatikong ilalagay ang mga pondo sa iyong flex card ng SFHP Care Plus.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

	2026 (ngayong taon)	2027 (susunod na taon)
Programa ng Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa may Hindi Gumagaling na Sakit (Special Supplemental Benefits for the Chronically Ill, SSBCI)	Makakatanggap ng allowance ang mga kwalipikadong miyembro na nakalagay sa flex card ng SFHP Care Plus na maaaring gamitin para bumili ng o magbayad para sa mga sumusunod na produkto at serbisyo sa mga tinukoy na lokasyon ng retail na tindahan: • Hanggang \$20 kada buwan para sa masusustansyang pagkain/grocery: mga sariwang prutas, gulay, frozen na pagkain, karne, seafood, masustansyang shake, tubig, at marami pa • Hanggang \$20 kada buwan para makatulong na bayaran ang iyong renta, mortgage, o mga bill sa utilidad (gaya ng kuryente, heating, cable, satellite, mga serbisyo sa telecommunication, computer network/serbisyo sa impormasyon, at marami pa)	Maaaring gamitin ng mga kwalipikadong miyembro ang buwanang \$90 na OTC na allowance sa pagbili ng mga sumusunod na produkto at serbisyo sa mga tinukoy na lokasyon ng retail: • Masusustansyang pagkain/grocery: tulad ng mga sariwang prutas, gulay, frozen na pagkain, karne, seafood, masustansyang shake, tubig, produktong gatas, at mga butil • Mga bill sa utilidad: tulad ng kuryente, heating, cable, satellite, mga serbisyo sa telecommunication, computer network/serbisyo sa impormasyon, at tubig



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

D2. Mga pagbabago sa saklaw ng gamot

Mga pagbabago sa aming *Listahan ng Gamot*

Ang aming *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* ay tinatawag ding *Pormularyo* o *Listahan ng Gamot*. Ang kopya ng aming *Listahan ng Gamot* ay naka-post online sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Gumawa kami ng mga pagbabago sa aming *Listahan ng Gamot* na maaaring kabilang ang pagtanggal o pagdaragdag ng mga gamot, pagpapalit ng mga gamot na saklaw namin, at mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot.

Tingnan ang *Listahan ng Gamot* para **matiyak na ang iyong mga gamot ay saklaw sa susunod na taon** at para malaman kung may anumang paghihigpit.

Karamihan sa mga pagbabago sa *Listahan ng Gamot* ay bago para sa simula ng bawat taon. Gayunpaman, maaari kaming gumawa ng iba pang pagbabago na pinahihintulutan ng Medicare at/o ng estado na makakaapekto sa iyo sa loob ng taon ng kalendaryo. Ina-update namin ang aming online na *Listahan ng Gamot* nang hindi bababa sa isang beses bawat buwan para maibigay ang pinakabagong listahan ng mga gamot. Kung gagawa kami ng pagbabago na makakaapekto sa gamot na iniinom o ginagamit mo, padadalhan ka namin ng abiso tungkol sa pagbabago.

Kung apektado ka ng pagbabago sa saklaw ng gamot, hinihikayat ka naming:

- Makipagtulungan sa iyong doktor (o iba pang tagapagreseta) para makahanap ng ibang gamot na saklaw namin.
 - Maaari mong tawagan ang Serbisyo sa Customer sa mga numero sa ibaba ng pahina o makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala ng pangangalaga para humingi ng *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* na ginagamit mong panggamot sa parehong kondisyon.
 - Makakatulong ang listahan sa iyong provider na maghanap ng saklaw na gamot na puwedeng mabisa para sa iyo.
- Makipagtulungan sa iyong doktor (o iba pang tagapagreseta) at hilingin sa amin na gumawa ng pagbubukod para masaklaw ang gamot.
 - Maaari kang humingi ng pagbubukod bago ang susunod na taon, at bibigyan ka namin ng sagot sa loob ng 72 oras pagkatapos naming



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

matanggap ang iyong kahilingan (o ang sumusuportang pahayag ng iyong tagapagreseta).

- Para malaman kung ano ang dapat mong gawin para humingi ng pagbubukod, sumangguni sa **Kabanata 9** ng iyong *Handbook ng Miyembro* o tumawag sa Serbisyo sa Customer sa mga numerong nasa ibaba ng pahina.
- Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng pagbubukod, makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer o sa iyong tagapamahala ng pangangalaga. Sumangguni sa **Kabanata 2 at 3** ng iyong *Handbook ng Miyembro* para matuto pa kung paano makipag-ugnayan sa iyong tagapagsaayos ng pangangalaga.
- Hilingin sa amin na saklawin ang pansamantalang supply ng gamot.
 - Sa ilang sitwasyon, sinasaklaw namin ang **pansamantalang** supply ng gamot sa unang 90 araw sa taon sa kalendaryo.
 - Para sa hanggang 30 araw ang pansamantalang supply na ito. (Para matuto pa tungkol sa kung kailan ka makakakuha ng pansamantalang supply at kung paano humingi nito, sumangguni sa **Kabanata 5** ng iyong *Handbook ng Miyembro*.)
 - Kapag nakatanggap ka ng pansamantalang supply ng gamot, kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung ano ang gagawin kapag naubos na ang iyong pansamantalang supply. Maaari kang lumipat sa ibang gamot na saklaw ng aming plano o humiling sa amin na gumawa ng pagbubukod para sa iyo at saklawin ang kasalukuyan mong gamot.

Mga pagbabago sa mga gastos sa gamot

May mga pagbabago sa halagang babayaran mo para sa mga gamot sa 2027. Magbasa sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong saklaw ng gamot.

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng iyong mga gastos para sa mga gamot sa bawat isa sa aming anim (6) na tier ng gamot.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

	2026 (ngayong taon)	2027 (susunod na taon)
Mga Gamot sa Tier 1 (Mga pinipiling generic na gamot) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 1 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.
Mga Gamot sa Tier 2 (mga generic na gamot) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 2 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0–\$5.10.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.
Mga Gamot sa Tier 3 (mga pinipiling branded na gamot) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 3 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0–\$12.65.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.
Mga Gamot sa Tier 4 (mga branded na gamot) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 4 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0–\$12.65.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Mga Gamot sa Tier 5 (mga espesyal na gamot) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 5 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0–\$12.65.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.
Mga Gamot sa Tier 6 (mga pinipiling generic na gamot para makatulong sa pamamahala ng mga hindi gumagaling na kondisyon) Gastos para sa pang-isang buwang supply ng gamot sa Tier 6 na kinukuha sa isang parmasya sa network	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.	Ang iyong copay para sa pang-isang-buwan (30 araw) na supply ay \$0.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

E. Pagpili ng plano

E1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming mananatili ka bilang miyembro ng plano. Wala kang kailangang gawin para manatili sa aming plano. Maliban na lang kung mag-sign up ka para sa ibang plano ng Medicare o lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kang mananatiling nakatala bilang miyembro ng aming plano para sa 2027.

E2. Pagpapalit ng mga plano

Puwedeng tapusin ng karamihan sa mga taong may Medicare ang kanilang membership sa ilang partikular na panahon sa taon.

Bukod pa rito, puwede mong tapusin ang iyong pagiging miyembro sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala**, na mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, matatapos ang iyong pagiging miyembro sa aming plano sa Disyembre 31 at magsisimula ang iyong pagiging miyembro sa bagong plano sa Enero 1.
- Ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala ng Medicare Advantage (MA)**, na tumatagal mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang iyong pagiging miyembro sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.
- Dahil mayroon kang Medi-Cal, mayroon kang ilang pagpipilian para tapusin ang iyong pagiging miyembro sa aming plano kabilang ang anumang buwan ng taon.

Posibleng may iba pang sitwasyon kung kailan ka kwalipikadong gumawa ng pagbabago sa iyong pagpapatala. Halimbawa, kapag:

- umalis ka sa aming lugar ng serbisyo,
- nabago ang iyong pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal o Extra Help, o
- kamakailan kang lumipat o kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga sa isang institusyon (tulad ng pasilidad ng may kasanayang pagkalinga o ospital para sa pangmatagalang pangangalaga). Kung kamakailan ka lang lumipat mula sa isang institusyon, maaari kang magpalit ng mga plano o lumipat sa



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Original Medicare sa loob ng dalawang buong buwan pagkatapos ng buwan ng iyong paglipat.

Ang iyong mga serbisyo sa Medicare

Mayroon kang tatlong opsyon para kumuha ng iyong mga serbisyo sa Medicare na nakalista sa ibaba sa anumang buwan ng taon. Mayroon kang karagdagang opsyon na nakalista sa ibaba para sa mga partikular na panahon ng taon kabilang ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala** at ang **Panahon ng Bukas na Pagpapatala sa Medicare Advantage** o iba pang sitwasyong inilalarawan sa **Seksyon E2**. Sa pagpili ng isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong tinatapos ang iyong membership sa aming plano.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

1. Puwede kang lumipat sa: Ang Medi-Medi Plan ay isang uri ng Medicare Advantage plan. Para ito sa mga taong may parehong Medicare at Medi-Cal, at pinagsasama nito ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa iisang plano. Iniugnay ng Medi-Medi Plan ang lahat ng benepisyo at serbisyo sa parehong programa, kabilang ang lahat ng saklaw na serbisyo ng Medicare at Medi-Cal o isang Program of All-inclusive Care for the Elderly (PACE) plan, kung kwalipikado ka. Tandaan: Ang katawagang Medi-Medi Plan ay ang pangalan ng mga naka-integrate na dual eligible special needs plan (Mga D-SNP) sa California.	Narito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa mga tanong tungkol sa Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE), tumawag sa 1-855-921-PACE (7223). Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tawagan ang Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling. O Magpatala sa bagong Medi-Medi Plan. Awtomatiko kang aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang saklaw ng iyong bagong plano. Magbabago ang iyong Medi-Cal plan para tumugma sa iyong Medi-Medi Plan.
---	--



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

2. Puwede kang lumipat sa: Original Medicare na may hiwalay na plano sa gamot ng Medicare	Narito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tawagan ang Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling. O Magpatala sa isang bagong plano sa gamot ng Medicare. Awtomatiko kang aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang iyong saklaw sa Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong planong Medi-Cal maliban kung humiling ka ng pagbabago.
---	---



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

3. Puwede kang lumipat sa: Original Medicare na walang hiwalay na plano sa gamot ng Medicare kung mayroon kang wastong dahilan sa pag-alis sa pagkakatala TANDAAN: Kung lilipat ka sa Original Medicare at hindi ka magpapatala sa hiwalay na plano sa gamot ng Medicare, posibleng ipatala ka ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban kung sasabihin mo sa Medicare na ayaw mong sumali. Dapat mo lang ihinto ang saklaw sa gamot kung may saklaw ka sa gamot mula sa ibang pinagmulan, gaya ng employer o unyon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailangan mo ng saklaw ng gamot, tawagan ang Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling.	Narito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tawagan ang Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling. Awtomatiko kang aalisin sa pagkakatala sa aming plano kapag nagsimula na ang iyong saklaw sa Original Medicare. Hindi magbabago ang iyong planong Medi-Cal maliban kung humiling ka ng pagbabago.
--	--



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

4. Puwede kang lumipat sa: Anumang planong pangkalusugan ng Medicare sa mga partikular na panahon ng taon kabilang ang Panahon ng Bukas na Pagpapatala at ang Panahon ng Bukas na Pagpapatala ng Medicare Advantage o iba pang sitwasyon na inilalarawan sa Seksyon E2.	Narito ang dapat gawin: Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon: • Tawagan ang Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling. O Magpatala sa bagong Medicare plan. Awtomatiko kang aalisin sa pagkakatala sa aming Medicare plan kapag nagsimula na ang saklaw ng iyong bagong plano. Posibleng mabago ang iyong Medi-Cal Plan.
--	---



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Iyong mga serbisyo sa Medi-Cal

Para sa mga tanong tungkol sa kung paano pumili ng planong Medi-Cal o kunin ang iyong mga serbisyo sa Medi-Cal pagkatapos mong umalis sa aming plano, makipag-ugnayan sa Health Care Options sa 1-800-430-4263, Lunes–Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077. Itanong kung paano makakaapekto ang pagsali sa ibang plano o ang pagbalik sa Original Medicare sa kung paano mo kinukuha ang iyong saklaw sa Medi-Cal.

F. Paghingi ng tulong

F1. Ang aming plano

Nandito kami para tumulong kung mayroon kang anumang tanong. Tawagan ang Serbisyo sa Customer sa mga numerong nasa ibaba ng pahina sa mga araw at oras ng operasyon na nakalista. Ang mga tawag na ito ay toll-free.

Basahin ang iyong *Handbook ng Miyembro*

Ang iyong *Handbook ng Miyembro* ay isang legal at detalyadong paglalarawan ng mga benepisyo ng aming plano. Mayroon itong mga detalye tungkol sa mga benepisyo at gastos para sa 2027. Ipinaliliwanag nito ang iyong mga karapatan at ang mga panuntunan na dapat sundin para makakuha ng mga serbisyo at gamot na saklaw namin.

Ang *Handbook ng Miyembro* para sa 2027 ay magiging available pagsapit ng Oktubre 15. Maaari mo ring suriin ang *Handbook ng Miyembro* para malaman kung may iba pang pagbabago sa benepisyo o gastos na nakakaapekto sa iyo. May available na pinakabagong kopya ng *Handbook ng Miyembro* sa aming website sa sfhp.org/tl/careplus-members. Maaari mo ring tawagan ang Serbisyo sa Customer sa mga numero sa ibaba ng pahina para hilingin sa amin na ipadala sa iyo ang isang *Handbook ng Miyembro* para sa 2027.

Ang aming website

Maaari mong bisitahin ang aming website sa sfhp.org/tl/careplus-members. Bilang paalala, ang aming website ay may pinakabagong impormasyon tungkol sa aming provider at parmasya sa network (*Direktoryo ng Provider at Parmasya*) at aming *Listahan ng Gamot* (*Listahan ng Mga Saklaw na Gamot*).



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

F2. Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP)

Maaari mo ring tawagan ang State Health Insurance Assistance Program (SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programa ng Pagpapayo at Pagsusulong ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program, HICAP). Matutulungan ka ng mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang iyong mga pagpipilian sa plano at sagutin ang mga tanong tungkol sa paglipat ng plano. Ang HICAP ay hindi nauugnay sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang HICAP ay may mga sinanay na tagapayo sa bawat county, at libre ang mga serbisyo nila. Ang numero ng telepono ng HICAP ay 1-800-434-0222. Para sa karagdagang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling.

F3. Ombudsman Program

Matutulungan ka ng Medicare Medi-Cal Ombudsman Program kung mayroon kang problema sa aming plano. Libre ang mga serbisyo ng ombudsman at available sa lahat ng wika. Ang Medicare Medi-Cal Ombudsman Program ay:

- magagawang sagutin ang mga tanong kung may problema o reklamo ka at matutulungan ka nilang maunawaan kung ano ang gagawin.
- tinitiyak na mayroon kang impormasyon na nauugnay sa iyong mga karapatan at proteksyon at kung paano mo malulutas ang iyong mga alalahanin.
- hindi nauugnay sa amin o sa anumang kumpanya ng insurance o planong pangkalusugan. Ang numero ng telepono para sa Medicare Medi-Cal Ombudsman Program ay 1-855-501-3077.

F4. Medicare

Para makakuha ng impormasyon nang direkta mula sa Medicare:

- tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.
- mag-chat nang live sa www.Medicare.gov/talk-to-someone
- sumulat sa Medicare sa PO Box 1270, Lawrence, KS 66044.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

Website ng Medicare

Maaari mong bisitahin ang website ng Medicare (www.medicare.gov). Kung pipiliin mong umalis sa pagkakatala sa aming plano at magpatala sa ibang Medicare plan, may impormasyon ang website ng Medicare tungkol sa mga gastos, saklaw, at rating ng kalidad para matulungan kang paghambingin ang mga plano.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare na available sa iyong lugar sa pamamagitan ng paggamit ng Medicare Plan Finder sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa www.medicare.gov at i-click ang “Maghanap ng mga plano.”)

Medicare at Ikaw sa 2027

Maaari mong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw sa 2027*. Bawat taon sa taglagas, ang booklet na ito ay ipinapadala sa mail sa mga taong may Medicare. Mayroon itong buod ng mga benepisyo ng Medicare, karapatan, at proteksyon at sagot sa pinakamadadalas itanong tungkol sa Medicare. Available din ang handbook na ito sa Spanish, Chinese, at Vietnamese.

Kung wala kang kopya ng booklet na ito, maaari mo itong makuha sa website ng Medicare (www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

F5. California Department of Managed Health Care

Responsibilidad ng California Department of Managed Health Care ang pagkontrol sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat ka munang tumawag sa iyong planong pangkalusugan sa **1(833) 530-7327** at dapat mong gamitin ang proseso sa paghahain ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan ng paghain ng karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaaring available sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na may kinalaman sa isang emergency, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingang hindi pa rin nalulutas sa loob ng mahigit sa 30 araw, puwede kang tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR). Kung kwalipikado ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.

walang pinapanigang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan para sa isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa saklaw para sa mga paggamot na pang-eksperimento o pang-imbestigasyon at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emergency o agarang kinakailangan. Mayroon ding toll-free na numero ng telepono ang departamento (1-888-466-2219) at linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa mga may problema sa pandinig at pananalita. Ang internet website ng departamento na **www.dmhc.ca.gov** ay may mga form para sa reklamo, form ng aplikasyon sa IMR at mga tagubilin online.

Sumangguni sa **Kabanata 9, Seksyon F4** ng iyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon.

Pahayag ng Pagbubunyag ng PRA:

Ayon sa Paperwork Reduction Act of 1995, hindi kailangang sagutin ng sinumang tao ang pangangalap ng impormasyon maliban na lang kung mayroon itong valid na OMB control number. Ang valid na OMB control number para sa pangongolektang ito ng impormasyon ay 0938-1444. Kung mayroon kang mga komento o suhestyon para mapabuti ang form na ito, mangyaring sumulat sa: CMS, 7500 Security Boulevard, Attn: PRA Reports Clearance Officer, Mail Stop C4-26-05, Baltimore, Maryland 21244-1850.



Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami nang 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, at sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa sfhp.org/tl/careplus-members.



Medicare + Medi-Cal, Pinadali para sa Iyo.

sfhp.org/tl/careplus-members

I-follow Kami sa Social Media



Facebook
[@sanfranciscohealthplan](https://www.facebook.com/sanfranciscohealthplan)



YouTube
[@sanfranciscohealthplan](https://www.youtube.com/sanfranciscohealthplan)



Instagram
[@sfhealthplan](https://www.instagram.com/sfhealthplan)



Threads
[@sfhealthplan](https://www.threads.net/@sfhealthplan)